

# TANGGAPAN NG ALKALDE PARA SA PABAHAY AT PAGPAPAUNLAD NG KOMUNIDAD LUNGSOD AT COUNTY NG SAN FRANCISCO



EDWIN M. LEE  
ALKALDE

OLSON LEE  
DIREKTOR

## FREQUENTLY ASKED QUESTIONS (MGA MADALAS NA KATANUNGAN)

Mayor's Office of Housing and Community Development Homeownership Programs Compliance Monitoring (2016 Pagsubaybay sa Pagsunod sa mga Programa ng Homeownership ng Tanggapan ng Alkalde para sa Pabahay at Pagpapaunlad ng Komunidad)

**1. Paano gumagana ang proseso ng Occupancy Certification (Sertipikasyon sa Paninirahan) nitong 2016?**

Sumusubaybay ang Mayor's Office of Housing and Community Development upang matiyak na ang mga naninirahang bumibili ng mga unit na below market rate, BMR (mas mababa na presyo sa pamilihan) ay nananatiling mga may-aring naninirahan at nagpapanatili ng isang kasalukuyang insurance policy ng homeowners. Regular na isinasagawa ng MOHCD ang mga sertipikasyon na ito. Sa taong ito, ipapadala sa koreo ang mga liham ng sertipikasyon sa Nobyembre 18, 2016 at ang mga pagtugon ay nakatakda sa Disyembre 12, 2016. Susuriin ng MOHCD ang impormasyong isusumite mo at makikipag-ugnayan lang kami sa iyo kung kailangan namin ng karagdagang impormasyon.

**2. Saan ko matatagpuan ang impormasyon tungkol sa proseso ng pagsubaybay?**

- a. Ang website ng MOHCD ay may karagdagang impormasyon at mga kopya ng mga kinakailangang form. <http://sfmohcd.org/HOMEOWNERS>
- b. Session ng Impormasyon: Magsasagawa ang MOHCD ng session ng impormasyon sa Nobyembre 30, 2016 mula 6:00 pm hanggang 7:00 pm. Gaganapin ang session sa 1 South Van Ness Avenue on 5th Floor. Limitado ang espasyo kung kaya't mag-RSVP sa Nobyembre 28, 2016. Pakigamit ang mga numero ng telepono o email sa ibaba upang tumawag at mag-RSVP. Tiyakin na iwanan ang inyong pangalan, bilang ng mga dadalo at numero na tatawagan.
- c. Sa pamamagitan ng Telepono o Email: Kung mayroon pa rin kayong mga katanungan tungkol sa inyong mga kinakailangan sa taunang pagsubaybay maaari din kayong mag-iwan ng mensahe para sa MOHCD sa mga numero ng telepono at email address sa ibaba. Mangyaring maglaan ng 5 araw na may pasok para sa panahon ng pagsagot.

**3. Paano ko isusumite ang mga dokumento ng aking occupancy certification?**

Maaari ninyong isumite ang inyong mga dokumento sa pamamagitan ng koreo sa: Mayor's Office of Housing and Community Development, 1 South Van Ness Ave., 5<sup>th</sup> Floor, San Francisco, CA 94103. Attn: MOHCD Compliance

**4. Maaari ko bang isumite nang elektroniko ang aking mga dokumento sa pamamagitan ng email?**

Ang pagsusumite ng inyong personal na impormasyon sa pamamagitan ng email ay hindi ligtas na paraan ng pagsusumite. Mangyaring ipadala ang inyong mga dokumento sa pamamagitan ng regular na koreo.

**5. Kailangan ko bang isumite lahat ng dokumentasyon?**

Oo! Lahat ng dokumento ay kinakailangan. Kung nabigo kayong isumite ang isa sa mga hinihiling na dokumento, ang inyong katugunan ay ipapasiya na hindi kumpleto.

Upang matiyak na ang inyong katugunan ay kumpleto:

- Punan ang form ng sertipikasyon nang kumpleto;
- Tiyakin na may lagda ang lahat ng may-ari sa certification form;
- Tiyakin na ang inyong mga nagpapatunay na dokumento tulad ng iyong Lisensiya sa Pagmamaneho o Pagkakakilanlan sa California, mga pahayag ng PG&E, pagpapahayag ng insurance, at mga buwis ng ari-arian ay malinaw na ipinapakita ang inyong pangalan at address;
- Tiyakin na inililista ng inyong pagpapahayag ng insurance ang MOHCD bilang karagdagang loss payee (babayaran na kawalan) (tingnan ang tanong 11);
- Ang mga pahayag ay dapat na may petsa sa loob ng 60 araw; at
- Isumite ang lahat ng pahina ng mga hiniling na dokumento.

HINDI tatanggapin ang panghalili sa ibang mga dokumento kapalit ng hiniling na impormasyon.

**6. Naiwala ko ang form ng aking sertipikasyon. Paano ako makakakuha ng isa pa?**

Maaari kang mag-download ng kopya ng form na ito sa website ng MOHCD sa [www.sfmohcd.org](http://www.sfmohcd.org). Kung wala kang access sa internet, maaari mong daanan ang isa sa front desk ng MOHCD Lunes hanggang Biyernes sa pagitan ng 8 am – 5pm o maaari kang makipag-ugnayan sa Compliance Team ng MOHCD sa 415.701.5622. Mangyaring tandaan na hindi magagawa ng MOHCD na tumanggap ng mga walk-in na inquiry.

Mga hakbang sa pag-download ng kopya sa website ng MOHCD:

1. Pumunta sa [www.sfmohcd.org](http://www.sfmohcd.org). Mag-click sa HOUSING PROGRAMS (mangyaring huwag pansinin ang subcategory ng housing programs). Dadalhin ka nito sa isang bagong pahina.
2. Sa ilalim ng HOUSING PROGRAMS, piliin ang HOMEOWNERS.
3. Mag-scroll pababa para maghanap sa naaangkop na (mga) form ng sertipikasyon ng paninirahan.

**7. Ibinalik ko ang mga dokumento ng aking 2016 na sertipikasyon ngunit hindi nakabalita mula sa MOHCD. Kailan ko maaasahang makabalita sa kanila?**

Hindi kokontakin ng MOHCD ang mga may-ari na nakumpleto ang kanilang sertipikasyon para sa taon maliban na lang kung mayroon kaming mga katanungan o kailangan ng karagdagang dokumentasyon hinggil sa sertipikasyon ng iyong paninirahan. Walang balita ang magandang balita!

**8. Pinauupahan ko na ang aking ari-arian sa ibang tao. Ano ang dapat kong gawin?**

TUMIGIL. Kung pinauupahan mo na ang iyong ari-arian, mangyaring kaagad na kontakin ang MOHCD. Kakailanganin mong gumawa ng mga pag-aayos para bumalik sa ari-arian o ibenta ang ari-arian sa isang mamimili na karapat-dapat sa programa. Makikipagtulungan sa iyo ang MOHCD para magtaguyod ng makatwirang panahon sa pagbabalik sa pagtugon ng iyong ari-arian. Mangyaring kontakin ang MOHCD para sa ibayong mga katanungan.

**9. Paano kung wala sa akin ang mga bill ng aking PG&E?**

Mangyaring makipag-ugnayan sa Pacific Gas and Electric Company (PG&E) sa 1-877-660-6789 o bisitahin ang [www.pge.com](http://www.pge.com) para magparehistro sa isang online account upang humiling ng kopya.

**10. Wala akong Insurance Policy ng Homeowner. Kailangan ko ba ito?**

Mahalaga na magpanatili ng nasasaklawan ng insurance para sa iyong ari-arian. Ang hinihiling ng mga kumpanya ng sanglaan na magpanatili ka ng sapat na nasasaklawan para sa bahay para mapangangalagaan ang mga interes ng parehong bangko at ng homeowner sa kaganapan ng isang sakuna tulad ng isang sunog. Pinangangalagaan ng insurance ang iyong tirahan, personal na ari-arian, mga istrakturang hindi nakakabit, personal na pananagutan, mga medikal na gastos at isang kawalan sa paggamit ng benepisyo.

Maaari kang magsaliksik at bumili ng insurance mula sa isang nag-iisyung ahensya ng insurance. Para sa mga layuning pagsubaybay, hinihingi namin na magsumite ka ng kopya ng Insurance Declaration Page ng Homeowner. Maaari kang humiling ng kopya mula sa nag-iisyung ahente ng insurance, yan ay Farmers, Allstate, AAA, atbp.

**11. Hindi nakalista ang MOHCD bilang karagdagang nagbabayad sa pagkawala ang insurance policy ko sa Homeowner?**

Mangyaring kaagad na makipag-ugnayan sa inyong provider ng insurance at humiling na idagdag ang MOHCD bilang karagdagang insurer. Pagkatapos ay isumite sa MOHCD ang sertipiko ng insurance na nakalista ang MOHCD bilang karagdagang naka-insure kasama ng mga ibang hiniling na form ng pagsubaybay. Lahat ng form ay dapat maisumite sa opisina namin bago mag-deadline. Karaniwang hindi naniningil ang mga provider ng insurance sa mga homeowner ng karagdagang bayad para sa serbisyong ito.

Pakihiling na idagdag ang MOHCD gaya ng mga sumusunod:

**CITY AND COUNTY OF SAN FRANCISCO, MAYOR’S OFFICE OF HOUSING AND COMMUNITY DEVELOPMENT, ISAOA (ITS SUCCESSORS AND/OR ASSIGNS)  
1 SOUTH VAN NESS AVENUE, 5<sup>TH</sup> FLOOR  
SAN FRANCISCO, CA 94103, Attn: MOHCD Compliance  
415.701.5500**

**12. Wala ang pangalan at mailing address ko sa impormasyon ng buwis ng aking ari-arian noong nag-online ako upang kunin ito.**

Alinsunod sa California state law (AB 2238), ang pangalan ng may-ari ng ari-arian at pangalan para sa mga pagpapadala ay hindi na lalabas sa Internet na bersyon ng iyong singil sa buwis ng ari-arian. Kakailanganin mong makipag-ugnayan sa Treasurer at Tax Collector (Tagakolekta ng Buwis) o tawagan ang help line para sa Tulong sa Nagbabayad ng Buwis sa 415.554.4400 upang makakuha ng opisyal na kopya kung saan nakalagay ang pangalan ng may-ari at pangalan para sa mga pagpapadala.

**13. Paano ako makikipag-ugnayan sa Compliance Team ng MOHCD?**

Maaari kang pumunta at makipagkita sa amin nang personal sa pamamagitan ng pagdalo sa session ng impormasyon sa Nobyembre 30, 2016. Mangyaring mag-RSVP sa pamamagitan ng pagkontak sa isa sa mga numero na nakalista sa ibaba sa Nobyembre 28, 2016. Kung kailangan mong tumawag o mag-email sa amin, mangyaring mag-iwan ng detalyadong mensahe tungkol sa inyong itinatanong at maglaan ng 5 araw na may pasok para sa panahon ng pagtugon. Mangyaring tandaan na ang MOHCD **ay hindi** makakatanggap ng anumang mga walk-in na inquiry sa opisina.

Upang mag-iwan ng voice message:	Email:	Padalhan kami ng mail:
English: (415) 701-5622 Cantonese: (415) 701-5623 Spanish: (415) 701-5624 Tagalog: (415) 701-5570	<a href="mailto:mohcd.compliance@sfgov.org">mohcd.compliance@sfgov.org</a>	Mayor’s Office of Housing and Community Development 1 South Van Ness Ave., 5th Floor San Francisco, CA 94103 Attn: MOHCD Compliance